



Nobyembre 29, 2016

Mahal na mga pamilya at komunidad ng SFUSD,

Sa ating komunidad kung saan maraming pagkakaiba-iba, kinikilala namin na marami sa mga estudyante at kanilang mga pamilya ang humaharap sa mga tanong, alalahanin, at takot tungkol sa mga epekto ng eleksiyon.

Lubos kaming nagtatrabaho upang maging ligtas na espasyo ang ating mga paaralan para sa pagkatuto ng bawat isa sa ating mga estudyante. Kasama na rito ang pagtiyak na hindi lumilikha ng mga handlang ang lahi, relihiyon o katayuan ng imigrasyon ng mga bata sa kanilang edukasyon, bagamat hindi lang naman nalilimitahan sa mga ito. Ayon sa pagkakalarawan sa mga polisiya ng distrito, patuloy naming pagtitibayin ang aming pananagutan at suporta sa San Francisco bilang Santuwaryong Lungsod para sa lahat ng migrante.

Gusto naming ibahagi ang mga sagot sa ilang tanong na posibleng mayroon kayo tungkol sa katayuan ng imigrasyon ng mga estudyante at pamilya. Gusto naming malaman ninyo na may pananagutan kami sa inyo na protektahan ang lahat ng estudyante mula sa diskriminasyon at pangha-harass.

Sumasainyo,

Myong Leigh
Interim na Superintendente ng SFUSD

Edwin M. Lee
Mayor

Mga Sagot sa Inyong mga Tanong:

Q: Ano ang epekto ng hindi pagkakaroon ng papeles para sa imigrasyon sa edukasyon ng aking anak?

A: Wala! May karapatang kaloob ng konstitusyon ang mga bata upang magkaroon ng pantay na akses sa edukasyon anuman ang katayuan ng kanilang imigrasyon, o ang katayuan ng kanilang mga magulang. Hindi puwedeng tanggalin ang karapatang ito ng pangulo o ng mga lehislatura ng estado o pederal na gobyerno.

Q: Hinihingi ba ng SFUSD ang katayuan sa imigrasyon kapag nagpapa-enroll ang bata?

A: Hindi. May obligasyon ang mga distrito ng mga pampublikong paaralan, na kagaya ng SFUSD, na i-enroll ang mga estudyante, anuman ang katayuan ng imigrasyon, at nang walang diskriminasyon na nakabatay sa lahi, kulay at bansang pinagmulan.

Q: Magkakaroon ba ng pagkakataon na ibabahagi ng distritong pampaaralan ang katayuan sa imigrasyon ng estudyante sa mga pederal na opisyal sa imigrasyon?

A: Gaya nang nabanggit sa itaas, hindi namin hinihingi ang katayuan sa imigrasyon ng mga estudyante kapag nagpapa-enroll sila. Gayon pa man, sakaling malaman ang katayuan sa imigrasyon ng estudyante, hindi pa rin namin ibabahagi ang impormasyong iyon sa Mga Serbisyo sa Pagkamamamayan at Imigrasyon ng Estados Unidos

(United States Citizenship and Immigration Services, USCIS) o sa Pagpapatupad ng mga Polisiya sa Imigrasyon at Pagbabayad ng Buwis sa mga Inaangkat o Inilalabas na Kalakal (Immigration and Customs Enforcement, ICE).

Q: Ano ang ginagawa ng SFUSD upang tiyakin na walang estudyante o pamilya ang makararanas ng diskriminasyon o maha-harass nang dahil sa kanilang lahi, etnisidad, relihiyon, oryantasyong seksuwal, o bansang pinagmulan?

A: Lubusang naniniwala ang SFUSD sa pagtiyak na pinakikitunguhan ang bawat estudyante nang may paggalang, at isa sa ating batayang pinahahalagahan ang katarungang panlipunan. Mayroon na tayong mga ipinatutupad na patakaran na nagbabawal sa diskriminasyon at pagha-harass sa ating mga estudyante, pamilya o empleyado, batay sa lahi, etnisidad, relihiyon, bansang pinagmulan at marami pang ibang protektadong uri.

Q: Ano ang dapat kong gawin kung sa aking palagay, naging biktima ako ng diskriminasyon o pangha-harass?

A: Paki-report ang ganitong gawi sa isa sa mga namumuno sa paaralan. Puwede ring maghain ng mga reklamo at alalahanin [gamit ang form na ito](#). Lubha naming siniseryoso ang mga reklamong ito at umaasa kami sa mga pamilya, estudyante at kawani na magbahagi ng mga alalahanin para matiyak ang kaligtasan ng lahat.

Q: Batay sa mga sinabi ng kahahalal na pangulong Trump sa kampanya patungkol sa imigrasyon, ano ang magiging kaagad na epekto ng eleksiyon sa akin at sa aking pamilya, kung wala kaming katayuan sa imigrasyon na alinsunod sa batas?

A: Walang mga pagbabago sa mga batas sa imigrasyon bago ang panunumpa sa puwesto ng susunod na presidente sa Enero 20, 2017. At kahit na sa panahong iyon, ang lehislatura ang magpapasa ng mga batas sa imigrasyon, at walang paraan upang tiyak na malaman kung gagawa ng anumang pagbabago sa mga batas sa imigrasyon ang lehislatura. Gayon pa man, posibleng darami ang mga aksiyon sa pagpapatupad sa mga kasalukuyang batas sa imigrasyon, bilang resulta ng mga prayoridad ng bagong pangulo. Nagtatrabaho ang SFUSD upang makalikha ng mga gagawin bilang mabilisang tugon (rapid response protocol) para makapagbigay ng suporta sa mga bata at pamilya, sakaling magsimula tayong makakita ng mga aksiyon sa pagpapatupad ng batas sa loob at sa paligid ng ating mga paaralan.

Q: Paano kung isa ako sa mga tumanggap ng DACA?

A: Nakabatay ang Ipinagpalibang Aksiyon para sa mga Dumating noong kanilang Kabataan (Deferred Action for Childhood Arrivals, DACA) sa kautusan ng pangulo. Posibleng magpasya ang bagong panulo na bawiin ang kautusang iyon. Kung tumanggap kayo ng DACA, isaalang-alang na ngayon ang pakikipag-ugnay sa abugado para sa imigrasyon upang malaman kung makakukuha kayo ng mas mainam na katayuan sa imigrasyon. Posibleng gustuhin niyong kumontak sa Mga Tsino na Para sa Positibong Aksiyon (Chinese for Affirmative Action, 415-274-6750) para sa tulong sa wikang Tsino/Ingles o sa Mujeres Unidas y Activas (415-621-8140) para sa tulong sa Espanyol/Ingles. Kapwa makatutulong ang dalawang organisasyong ito para ikonekta kayo sa [mga organisasyong pangkomunidad para sa mga usaping legal](#) na nag-aalok ng libre o murang tulong para sa mga aplikante ng DACA sa San Francisco.

Q: Ano ang dapat kong gawin kung gusto kong maintindihan ang aking mga karapatang pang-imigrasyon?

A: Mga abugadong may espesyalisasyon sa imigrasyon lamang ang makapagbibigay sa inyo ng tamang payo tungkol sa katayuan sa imigrasyon at kung paano kayo makakukuha ng anumang mga legal na karapatan na mayroon kayo. Para sa inyong sariling proteksiyon, hinihikayat namin kayo na humingi ng payo ng mga lisensiyadong abugado, hindi mga notaryo o iba pang hindi lisensiyadong abugado para sa imigrasyon. May mga lokal na mapagkukunan ng tulong at impormasyon ang [Samahan para sa mga Usaping Legal at Edukasyon ng mga Migrante sa San Francisco \(San Francisco Immigrant Legal & Education Network\)](#) upang magkaloob ng legal na tulong sa mga migranteng pamilya, kasama na ang Chinese for Affirmative Action (415-274-6750) para sa tulong sa Tsino/Ingles at ang Mujeres Unidas y Activas (415-621-8140) para sa tulong sa Espanyol/Ingles.